# Sa Dakong Dulo Ng Graduation

*Joseph C. Eco, EdD*

Masaya ang pagtatapos.
Isa itong wakas sa pakikibaka sa papel at pluma,
Isang tuldok sa paglalakad ng paulit-ulit
Sa mga silid.
Sa mga lugar na naging parte na ng pang-araw-araw.
Isa itong paaalam ng ngayon
Na siyang namang makikitagpo sa kinabukasan.
Ngunit, ang dulo ng graduation
Ay 'di naman talaga matatanto,
Dahil bukod sa isa lamang itong seremonya
Ay isa itong pagpapakita ng hinaharap
Sa mga magsisipagtapos
Na buong akala ay tapos na nga.
sa dakong dulo ng graduation…
doon tayo magpapatuloy.